



2023-78240

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X - NORTHERN MINDANAO
DIVISION OF MALAYBALAY CITY

DM- 2023- 07- 285
DEPED MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED

DATE: Time: 10:59
By: JUL 31 2023

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 285 , s. 2023

PARA SA : Kawaksing Tagapamanihala ng Paaralan
Hepe ng CID/SGOD at Kawani ng Tanggapan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
Kaguruan ng Filipino
Sangay Malaybalay

MULA KAY: ^{for} **CHERRY MAE L. LIMBACO- REYES**
Tagapamanihala ng Paaralan

PETSA: Hulyo 28, 2023

PAKSA: **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023**

1. Kalakip ay ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s. 2023 hinggil sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 na nagtatakda ng temang **Filipino at mga Katutubaong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Inklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan** na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.
2. Nakasaad sa Memorandum Pagkagawaran ang **layunin ng BnWP 2023, limang lingguhang tema, mungkahing mga gawain para sa Publiko at Pribadong Tanggapan ng Kagawaran at mga mungkahing Gawain sa bawat antas.**
3. Ang mga tema at mungkahing gawain ay pagpapatupad din sa Batas Republika 11106, ang *Filipino Sign Language Act* gayundin sa *2022 - 2032 International Decade on Indigenous languages ng UNESCO* at

Malaybalay



813-1246

Address: Sayre Hi-way, Purok 6, Casisang,

Telefax No.: 088-314-0094; Telephone No.: 088-

Email Address: malaybalay.city@deped.gov.ph

21 93 0060



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X - NORTHERN MINDANAO
DIVISION OF MALAYBALAY CITY

2030 Agenda and Achievement of the 17 Sustainable Development Goals (SDGs).

4. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtatalima sa DepEd Order (DO) No. 9, s. 2005 (Instituting Measures to Increase Engaged Time - on- Task and Ensuring Compliance Therewith) na hindi ito makaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 003, s. 2023 (*an Order Allowing the Conduct of in- Person Activities in Schools*) na naglalahad ng mga pamantayan sa pagsasagawa ng mga in- person activity. Isaalang –alang din ang DO 66, s. 2017 (*Implementing Guidelines on the Conduct of Off- Campus Activities*) kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off – Campus Activity.
5. Hinihikayat na makilahok sa pagdirivan ng Wikang Pambansa 2023 ang lahat ng antas ng tanggapanang pagkagawaran mula sa sa dibisyon at mga paaralang publiko maging sa pribado.
6. Maaring magamit na pondo ang local funds, kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag - aawdit.
7. Inaasahan na ang mga paaralan ay makapagsumite ng kanilang Ulat naratib sa isang buwang pagdiriwang kay Gladys J.Dublas tanggapan ng SGOD – Malaybalay para sa mga pribado at kay Maria Concepcion S. Reyes sa mga pampublikong paaralan.
8. Hinihiling ang mabilisan at at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.



Republic of the Philippines
Department of Education

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **036**, s. 2023

JUN 29 2023

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinunò ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang **Buwan ng Wikang Pambansa 2023** ay ipagdiriwang sa Agosto 1–31, 2023 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).
2. Para sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 06-02 Serye 2023 na nagtatakda ng temang **Filipino at mga Katutubong Wiika: Wiika ng Kapayapaan, Seguridad, at Inklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan** at naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.
3. Layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ang sumusunod:
 - a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
 - b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
 - c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pamribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
 - d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
 - e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.
4. Narito ang limang lingguhang tema at mungkahing mga gawain para isang buwang pagdiriwang:

Petsa at Tema	Mungkahing mga Gawain para sa Pubiko at Pribado Tanggapan ng Kagawaran
Agosto 1–5 Unang Linggo: Pagkilala at Pagtaguyod	Mga gawain hinggil sa paksang kabilang ngunit hindi limitado sa salitang pagbati sa Filipino <i>Sign Language</i> at <i>online forum</i> hinggil sa kahalagahan nito. Maaaring makipag-ugnayan kay Patrick

sa <i>Filipino Sign Language</i> (FSL) bilang Pambansang Wikang Senyas ng Pilipinas	Ablaza (fsl.yunit@kwf.gov.ph) ng Yunit ng FSL ng Komisyon sa Wikang Filipino kaugnay sa nabanggit.
Agosto 7–12 Ikalawang Linggo Mga Wikang Katutubo: Midyum ng Pagtuturo, Pananaliksik, at Pagkakaisa	Mga timpalak sa pagsulat ng tula at masining ng pagkukuwento gamit ang wikang katutubo gamit ang pamantayan/kraytirya na itatakda ng magsasagawa ng timpalak.
Agosto 14–19 Ikatlong Linggo Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansang Pilipinas	Mga timpalak sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng mamamayan na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas gamit ang pamantayan/kraytirya na itatakda ng magsasagawa ng timpalak.
Agosto 21–26 Ikaapat na Linggo Mga Wikang Katutubo: Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapuwa sa Pagpapaunlad ng Katarungang Panlipunan	Mga timpalak sa paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog at paglikha ng awit gamit ang pamantayan/kraytirya na itatakda ng magsasagawa ng timpalak.
Agosto 28–31 Ikalimang Linggo Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon	Maaaring magkaroon ng pangwakas na gawain/kulminasyon.

Nakasaad din sa kalakip ang Mga Mungkahing Gawain sa Bawat Antas

5. Ang mga tema at mungkahing gawain ay pagtupad din sa Batas Republika 11106, ang *Filipino Sign Language Act* gayundin sa 2022–2032 *International Decade on Indigenous languages* ng UNESCO at 2030 *Agenda and achievement of the 17 Sustainable Development Goals* (SDGs).

6. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa *DepEd Order (DO) No. 9, s. 2005 (Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 003, s. 2023 (*An Order Allowing the Conduct of In-Person Activities in Schools*) na naglalahad ng mga pamantayan sa pagsasagawa ng mga *in-person activity*. Isaalang-alang din ang DO 66, s. 2017 (*Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities*) kaugnay sa pagsasagawa ng mga *Off-Campus Activity*.

7. Hinihikayat na makilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ang lahat ng antas ng tanggapang pangkagawaran mula sa nasyonal, rehiyon, dibisyon, at mga paaralang publiko maging sa pribado.

8. Maaaring magamit na pondo ang *local funds*, kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.
9. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Kawanihan ng Linangan sa Pagkatuto** sa pamamagitan ni **Gaudencio Luis N. Serrano**, *Supervising Education Program Specialist*, sa *email* na gaudencio.serrano@deped.gov.ph o kaya sa Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) sa *email* na komfil@kwf.gov.ph o sa *mobile phone* blg. 0928-8441349.
10. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Kalihim:


GINA O. GONONG
Pangalawang Kalihim

Kalakip:

Gaya ng sinasaad



Saggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg. 073, s. 2022
DepEd Order (Nos. 003, s. 2023; 66, s. 2017; at 9, s. 2005)

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS



Mga Mungkahing Gawain sa Bawat Antas

Linggo at Tema	Antas at mga Gawain			
	K-3	Baitang 4-6	Baitang 7-10	Baitang 11-12
1-5 Agosto Linggo 1: Pagkilala at Pagtaguyod sa Filipino Sign Language (FSL) bilang Pambansang Wikang Senyas ng Pilipinas		<ul style="list-style-type: none">• Pagtitipon ng mga salitang pagbati (Halimbawa: Magandang umaga po, Magandang hapon po, at iba) na isesenyas sa Filipino Sign Language bilang pagpapakilala ng FSL bilang inklusibo sa pamayanan.		<ul style="list-style-type: none">• Pagdaraos ng mga <i>online forum</i> at talakayan hinggil sa kahalagahan ng Filipino Sign Language (FSL) sa bawat Pilipino.
7-12 Agosto Linggo 2: Mga Wikang Katutubo: Midyum ng Pagtuturo, Pananaliksik, at Pagkakaisa		<ul style="list-style-type: none">• Pagtitipon ng mga katutubong salita na pangkaraniwang ginagamit sa tahanan		<ul style="list-style-type: none">• Pagsulat ng mga tula hinggil sa pagkakaisa gamit ang wikang katutubo.• Timpalak sa muling pagsalaysay ng mga kuwentong-bayan hinggil sa pagkakaisa gamit ang wikang katutubo.
14-19 Agosto Linggo 3: Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansa ng Pilipinas			<ul style="list-style-type: none">• Pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng mamamayan na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas.• Pananaliksik sa siyensiya at teknolohiya at kasalukuyang estado ng isang katutubong wika.	
21-26 Agosto Linggo 4: Mga Wikang Katutubo: Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapuwa sa Pagpapaunlad ng Katarungang Panlipunan			<ul style="list-style-type: none">• Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa pakikipagkapuwa sa lipunang Pilipino.• Paglikha ng awit gamit ang wikang katutubo na nagpapakita at nagtataguyod ng katarungang panlipunan.	
28-31 Agosto Linggo 5: Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon			<ul style="list-style-type: none">• Paglalagom ng mga naging gawain sa Buwan ng Wikang Pambansa 2023.	